



Mga Update sa Mga Programa ng Tulong ng nasa Hustong Gulang ng County ng San Francisco

Magsisimula sa Enero 1, 2025 ang mga pagbabago.

Tungkol sa Mga Programa ng Tulong ng nasa Hustong Gulang ng County

Ang Mga Programa ng Tulong ng nasa Hustong Gulang ng County (County Adult Assistance Programs, CAAP) ay para sa mga may napakababang kita na residente ng San Francisco na mga walang asawa na nasa hustong gulang at mga mag-asawang walang dependent. Ang pagiging kwalipikado ay nakabatay sa kita at paninirahan sa San Francisco.

Bagong Kinakailangan

Simula Enero 1, 2025, ang mga kliyente ng CAAP na may disorder sa paggamit ng substance na gustong makakuha ng mga tulong na pera na pinopondohan ng county ay kinakailangang nakapagpatala sa paggamot at mga serbisyo.

Ang bagong kinakailangan ay isang mahalaga na bagong paraan para matugunan ang epidemya ng pag-overdose sa opioid sa San Francisco.

Hindi maaapektuhan ng bagong kinakailangan na ito ang iba pang benepisyo tulad ng CalFresh at Medi-Cal.

Paano Maaapektuhan ng Pagbabagong ito ang Mga Benepisyo sa CAAP

Pagkatapos aprubahan ng Ahensya ng Mga Serbisyon Pantao ng San Francisco (San Francisco Human Services Agency, SFHSA) ang iyong mga benepisyo sa CAAP, mag-iiskedyul kami ng karaniwang appointment sa triage para sa iyo.

Sa iyong appointment, magsasagawa ang aming mga clinician ng pagsusuri sa employability. Kabilang dito ang mga tanong tungkol sa paggamit ng substance. Para sa mga taong may indikasyon ng paggamit ng ilegal na substance, ire-refer ka ng aming mga clinician sa karagdagang pagsusuri at potensyal na paggamot na angkop para sa iyo.

Kapag aktibo ka na sa mga benepisyo sa CAAP, posibleng maganap ang muling pagsusuri sa iyo sa triage sa loob ng anim na buwan o isang taon.

Dapat kang sumunod sa mga pagsusuri na ito at lumahok sa mga available na opsyon sa paggamot kung kinakailangan. Kapag hindi nakasunod, maaari itong magresulta sa paghinto ng iyong mga benepisyo.



Sino ang Exempted sa Mga Kinakailangan sa Disorder sa Paggamit ng Substance

Ang mga kliyente ng CAAP na nasa programang Karagdagang Panseguridad na Kita na Nakabinbin (Supplemental Security Income Pending, SSIP) ay exempt sa mga kinakailangan sa disorder sa paggamit ng substance. Gayunpaman, hindi exempt ang mga kliyente ng CAAP na edad 60+ o na may pansamantalang kapansanan.

May mga tanong?

Tingnan ang aming webpage: **[SFHSA.org/CAAP](https://www.sfhhsa.org/CAAP)**

Bisitahin ang aming tanggapan: 1235 Mission Street, SF, CA

Tawagan kami: (833) 879-1365

Mga oras ng pagpapatakbo: 8:00 AM – 5:00 PM, Lunes – Biyernes

Na-update noong: 12/19/2024